3

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

# MATHEMATICS 3

## Quarter 4 Week 6

### DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM

Writer **Marivic Elaine T. Piad**

Illustrator: Marivic Elaine T. Piad

Layout Artist: Marivic Elaine T. Piad

Content Editors:

Language Editors:

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Margarito B. Materum

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Ellery G. Quintia

Regional EPS (Math.): Bernadeth C. Daran

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Math.) : Mirasol I. Rongavilla

SDO LR : Daisy L. Mataac

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.**

**ARALIN 6:** Collects data on one variable using existing records. Sorts, classifies, organizes data in tubular form and presents this into horizontal or vertical bar graph.

## MGA INAASAHAN

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang nagagawa ang sumusunod:

- Nakakukuha ng datos gamit ang talahanayan.
- Nakagagawa ng pantay (*horizontal*) at pahalang (*vertical*) na bar graph gamit ang datos sa talahanayan.

## UNANG PAGSUBOK

A. Pag-aralan ang talahanayan at sagutin ang sumusunod na tanong sa ibaba.

Lapis na Gamit ng Mag-aaral Sa Grade III-St. Isabel

| **Lapis** | **Bilang** |
|---|---|
| Maped | 7 |
| Mongol | 16 |
| HBW | 3 |
| Staedtler | 10 |
| Faber Castell | 10 |
| **Total** | |

1. Anong lapis ang pinaka-paboritong gamitin ng mga mag-aaral sa Grade III-St. Isabel? ________________________________
2. Ilan ang bilang ng mag-aaral na gumagamit ng Mongol? ______
3. Anong lapis ang pinakakaunti ang gumagamit? _____________
4. Anong mga lapis ang may tig-sampung mag-aaral ang gumagamit? ________________________________
5. Ilan lahat ang bilang nga mga mag-aaral sa Grade III-St. Isabel?________________________________

B. Gumawa ng *horizontal* na bar graph gamit ang datos sa talahanayan tungkol sa lapis na gamit ng mag-aaral sa Grade III-St. Isabel.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Pagtambalin at gumamit ng linya para maidugtong ang Hanay A sa sagot nito sa Hanay B.

| | *Hanay A* | *Hanay B* |
|---|---|---|
| 1. | 10 m, 13 m | 100 $m^2$ |
| 2. | 6 m, 12 m | 64 $m^2$ |
| 3. | 10 m, 10 m | 126 $m^2$ |
| 4. | 14 m, 9 m | 130 $m^2$ |
| 5. | 8 m, 8 m | 72 $m^2$ |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

Ang talahanayan o "*table*" sa wikang Ingles ay isang paraan ng pagpapakita ng impormasyon o datos. Gamit ang talahanayan maaring makagawa ng "*graph*." Ang <u>*graph*</u> ay maaaring tukuyin bilang isang nakalarawan na representasyon o isang diagram na kumakatawan sa datos o mga mahahalagang impormasyon sa isang organisadong pamamaraan. Ang mga puntos sa *graph* ay madalas na kumakatawan sa ugnayan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga bagay. Isang halimbawa na dito ang "*Bar Graph*" na maaring patayo (*vertical*) o pahalang




**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

(*horizontal*). Ang bar graph ay ang nakalarawan na representasyon ng data sa anyo ng mga patayo o pahalang na mga hugis-parihaba na bar, kung saan ang haba ng mga bar ay proporsyonal sa sukat ng data o datos. Narito ang halimbawa ng talahanayan na maaring gamitin sa paggawa ng patayo (*vertical*) o pahalang (*horizontal) bar graph*.

| Bilang ng Kumakain sa Mga Fast Food Chain | |
|---|---|
| Chowking | 24 |
| Jollibee | 30 |
| McDonalds | 25 |
| Greenwich | 24 |
| Burger King | 22 |

Panuto sa paggawa ng *bar graph*:

- Alamin kung ano ang pamagat ng datos sa talahanayan. Ito ay karaniwang inilalagay sa bandang itaas ng graph.
- Ang datos na binubuo ng mga bilang ay tinatawag na *scale*. Ang *scale* ay ang mga bilang na nagpapakita ng mga yunit na ginamit sa graph ng bar. Ito ay dapat nakaayos mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas.
- Sa gilid at ilalim naman ng bar graph ay may isang *label* na nagsasabi kung anong uri ng data ang ipinapakita.
- Higit sa lahat ang mga "*Bar*" na sumusukat sa mga numero ng datos. Ang *value* ng bawat *bar* ay makikita kung saan ito tumapat sa *scale*.




***(Vertical Bar Graph)*** ***(Horizontal Bar Graph)***




**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## GAWAIN 1

**Panuto**: Basahin ang talahanayan sa ibaba. Gamitin ang datos sa talahanayan sa paggawa ng ***horizontal*** na bar graph at sagutin ang ilang katanungan ukol sa nabuong graph.

Nagtanong si Bb. Lopez sa kanyang mga estudyante kung ilan ang bilang ng mga mag-aaral na kasali sa iba't-ibang *Club* sa paaralan. Narito ang impormasyon na kanyang nalikom.

| | |
|---|---|
| English Club | 2 |
| Art Club | 9 |
| Science Club | 7 |
| Dance Club | 12 |
| Math Club | 10 |
| Book Lovers' Club | 9 |




1. Tungkol saan ang graph? ___________________________________
2. Anong school club ang may pinakamaraming sumali na mag-aaral? _____________________
3. Ilang mag-aaral ang kasali sa Math Club? ________________
4. Anong school club ang sinalihan ng 10 mag-aaral? __________
5. Anong school club naman ang may pinakakaunting sinalihan ng mag-aaral? _________________

## GAWAIN 2

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod. Gamit ang datos sa survey, buuin ang vertical bar graph sa ibaba.


Mahilig gumawa ng survey si Gng. Cruz. Gumawa siya ng survey tungkol sa paboritong PBA team ng kanyang mga mag-



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

aaral sa Ikatlong Baitang. Narito ang mga datos na kanyang nakolekta.

a. 27 gusto ang Ginebra
b. 21 gusto ang Talk N'Text
c. 30 gusto ang San Miguel
d. 20 gusto ang Petron
e. 15 gusto ang Magnolia Hotshots





## GAWAIN 3

Sina Sabel, Ana, Jessa, Ella at Nelia ay nangunguna sa mga nakakuha ng mataas na iskor sa kanilang pagsusulit sa Mathematics.

a. Si Sabel ay nakakuha ng 48.
b. Si Ana ay nakakuha ng 41.
c. Si Jessa ay nakakuha ng 42.
d. Si Ella ay nakakuha ng 45.
e. Si Nelia ay nakakuha ng 49.

**Panuto:** Buuin ang talahanayan at gumawa ng horizontal bar graph sa ibaba gamit ang iskor ng sumusunod na bata.

| **Iskor Sa Pagsusulit sa Mathematics** | |
|---|---|
| Ana | |
| Ella | |
| Jessa | |
| Nelia | |
| Sabel | |






(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## TANDAAN

**Talahanayan o "table"**- ay koleksyon ng mahahalagang impormasyon. Ito ay isang hanay ng mga elemento ng data na gumagamit ng isang modelo ng mga patayong haligi (vertical) at pahalang na mga hilera (horizontal).

**Graph** - ay maaaring tukuyin bilang isang nakalarawan na representasyon o isang diagram na kumakatawan sa datos o mga mahahalagang impormasyon sa isang organisadong pamamaraan. Isang halimbawa na dito ang "Bar Graph" na maaring patayo (*vertical*) o pahalang (*horizontal*).

**Bar Graph -** ay ang nakalarawan na representasyon ng data sa anyo ng mga patayo o pahalang na mga hugis-parihaba na bar, kung saan ang haba ng mga bar ay proporsyonal sa sukat ng data o datos.

**Bahagi ng bar graph –** pamagat (*title*), *labels* at *scale*. Makikita sa bandang itaas ang pamagat (*title*) ng talahanayan. Samantalang, sa ibaba o gilid naman maaaring makikita ang *scale* at "*label*" o ang kahulugan ng imaheng nasa loob ng talahanayan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**A. Panuto:** Kumpletuhin ang talahanayan batay sa mga datos na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

***Paboritong Flavor ng Ice Cream ng Mga Bata***

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mangga | Mais | Cheese | Chocolate |
| Ube | Mais | Ube | Cheese |
| Mais | Ube | Cheese | Mangga |
| Mais | Mangga | Ube | Mais |
| Chocolate | Mais | Mais | Cheese |

| **Flavor ng Ice Cream** | **Tally** | **Kabuuan** |
|---|---|---|
| Cheese | | |
| Chocolate | | |
| Mais | | |
| Mangga | | |
| Ube | | |




(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

B. Panuto: Gumawa ng patayo (*horizontal*) o pahalang (*vertical*) na bar graph gamit ang mga datos na iyong nabuo sa talahanayan.


## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Abala ang mga mag-aaral sa Grade III-FL sa paggawa ng origami bilang proyekto nila sa darating na Art Month. Gumawa sila ng iba't-ibang disenyo upang i-display ito sa kanilang booth. Narito ang nagawa nilang disenyo ng origami.


12 bola


10 bangka


7 ibon


5 eroplano



8 bulaklak

**A. Panuto:** Itiman ang bar ng bawat origami upang maipakita ang bilang ng proyekto na origami ng mga mag-aaral sa Grade III-FL.




B. Gamitin ang datos sa ibaba upang mabuo ang graph.

1. ☆ paborito ng 8 na bata
2. △ paborito ng 10 na bata
3. □ paborito ng 15 na bata
4. ○ paborito ng 18na bata





**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

# ANSWER KEY

**ASSESSMENT**
**UNANG PAGSUBOK**


A.
1. Mongol
2. 16
3. HBW
4. Staedtler at Faber Castell
5. 46

B.





**GAWAIN 1**
1. Bilang ng Mag-aaral na Sumali sa Ibat-ibang Club sa Paaralan
2. Dance Club
3. 10
4. Math Club
5. English Club


## BALIK-TANAW




## GAWAIN 1





## GAWAIN 2




## GAWAIN 3

| Iskor Sa Pagsusulit sa Mathematics | |
|---|---|
| Ana | 41 |
| Ella | 45 |
| Jessa | 42 |
| Nelia | 49 |
| Sabel | 48 |







(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN


**A.**

| Flavor ng Ice Cream | Tally | Kabuuan |
|---|---|---|
| Cheese | IIII | 4 |
| Chocolate | II | 2 |
| Mais | ~~IIII~~ II | 7 |
| Mangga | III | 3 |
| Ube | IIII | 4 |

**B.**





Horizontal Graph





Vertical Bar Graph

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

A.




B.




Sanggunian:
21st Century Mathematics 3
Discovering Mathematics Today 3
Modern Mathematics 3 for Elementary Pupils
Mathematics-kagamitan ng Mag-aaral (Grade 3)



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**